

Kuwerdas

(Bersiyong Tagpuang Espanya)

Nonon Villaluz Carandang

Alay kay Andrés Segovia (1893-1987), musikerong Kastila, ang pinakamahalagang gitaristang klasikal ng ika-20 daantaon, na siyang muling nagpakilala sa gitara bilang isang instrumentong pangkonsiyerto.

Madalas marinig mula sa ikalawang palapag ng gusaling ladrilyo ang musika ng maestro. Napapatigil upang makapakinig ang sinumang makaririnig nito. Madalas niyang bigyang-buhay ang awit ng mga Iberiko, lalo na ang himig-Andalusia ng Sevilla, Cadiz, at Granada. May kakayahan itong patahimikin ang mga nagtatalong tindero at mamimili o mga nagdedebatang kalalakihan sa plaza lalo sa dapithapon. Marami ang naghahakahaka na ang gitara ay sinasapian ng kaluluwa ng kanilang ninuno upang makipag-usap at makihalubilo sa mamamayang maaaring nakalilimot. Kung minsan, mismong ang alkalde pa ang bumibisita at nagdadala ng sariling upuan para lamang makinig sa pagtugtog ng maestro. Matagal nang nagretiro ang maestro sa unibersidad at pagtatanghal.

Dating nagturo ang maestro bagaman marami sa kaniyang mag-aaral sa unibersidad ay natuto para lamang matupad ang ambisyong maging tanyag, makapagliwaliw sa ibang bayan at magkaroon ng magandang kabuhayan. Ito ang palaging inaasam ng mga nais matuto ng gitara lalo't ka-kaunti lamang ang nakapagpapatunog nito na may angking kapangyarihan at pangungusap. Subalit naging bukambibig ng maestro sa kaniyang mag-aaral na may hangganan ang kaniyang turo at kung pipilitin pang kunin ang natitira niyang kaalaman ay pipiliin na niya ang tuturuan na nararapat

lamang na may tikas at busilak na kalooban. Simula pa noon, wala pang nakapagsasabing siya ang nakaaaalam ng lahat ng dunong at nakapagmana ng kapangyarihan ng pagtugtog ng gitara ng maestro. At mula noon, nakilalarin ang maestro sa paghahanap niya ng mapagpapasahan ng kaniyang kakayahan, ngunit bigo siya hanggang sa sumapit ang isang hapon ng linggo ng tag-araw.

Nagdaan ang binatilyong si Antonio, matapos niyang kunin mula sa bayan ang lambat na gamit sa pangingisda. Pasan niya ang bulto ng lambat nang mapansin niyang gumagaan ito habang napapakinggan niya ang tugtog pagdaan sa gusali ng maestro. Noon lang niya narinig ang ganoong musika at tanging ang sigaw lamang ng mga langay-langayan at tagak ang kaniyang napapakinggan sa kanilang lugar. Lumaki sa pamamalaka si Antonio hanggang sa siya ay maulila sa magulang at matutong mag-isa sa bahay na kahit na sino ay walang nakabisita o nagtangkang dumalaw. Saksi ang Guadalquivir sa kaniyang paglaki bilang isang tahimik, marangal, at maginoong lalaki. Tanging ang mga prayle sa Katedral malapit sa Torre del Oro ang nakapagturo kay Antonio ng pagsulat at pagbilang.

Mula noon, madalas niyang abangan ang pagtugtog ng maestro. Naging palagiang upuan na niya ang tuod ng natumbang puno sa harap ng gusali ng maestro. Ilang ulit niyang binalik-balikan ang musika hanggang sa maisipan niyang kilalanin ang lumilikha nito. Pinaghandaan niya ang pagdalaw sa gusali ng maestro. Nais niyang matutong maggitara upang malibang ang sarili sa pinakatahimik na oras sa kaniyang tahanang malapit sa daungan.

Umaga nang dalhin niya ang piling kanduli, biya, at karpa para sa magiging kaibigan niyang musikero. Nilakad niyang baon ang pag-asang makikipagkilala ang maestro sa kaniya at papayag itong maturuan siyang mapaawit ang instrumentong may anim na kuwerdas. Narating niya ito bago pa mananghalian at ilang sandali rin siyang nanubok sa harap ng gusali. Minatyagan niya kung naroroon ang kaniyang hinahanap, nang bumukas ang pinto ng gusali at lumabas ang matandang lalaki upang iwan sa labas ang isang bungkos ng lumang babasahin at ilang bote ng gatas. Inaayos nito ang mga bote nang lumapit si Antonio.

“Señor, magandang umaga po. Ako po si Antonio, isang mangingisda,” bungad ng binatilyo. At mataman siyang tiningnan ng maestro upang mapansin ang buslo na naglalaman ng mga isda.

“Malamang na mangingisda ka nga. Kayo na lamang ang gumagamit ng buslo para sa inyong huli. Bakit?” ang tugon ng mastrong, nakatutok ang pagtingin na pinalilina ng kaniyang salamin. May kaliitan ito kung kaya’t kinailangan pa nitong bahagyang tumingala para masipat ang maamong mukha ng binatilyo.

“Nais ko pong maging kaibigan ninyo at matutong gamitin ang gitara,” dagdag pa ni Antonio.

“Hindi ginagamit ang gitara, iho. Ikaw ang gagamitin nito para sa musika. Nagkakamali ka sa pagkilala mo sa gitara,” napakunot ng noo ang matanda na parang nayayamot sa binatilyo.

“Paumanhin po. Hindi ko po nais na maging bihasa at tanyag o maging mayaman sa paraang makapagbigay ng musikang panggitara,” paliwanag ni Antonio na may pag-aalinlangan kung dapat pang ipagpatuloy ang pakikipag-usap sa matanda. Naisip niyang hindi ito ang tamang oras para kausapin ang maestro.

“May ibabayad ka? Hindi ako nagtuturo para lang malibang ang sino man,” may tono ng pagmamataas ang narinig ni Antonio.

“A, ganu’n po ba? Maraming salamat na lamang po,” iniabot ni Antonio ang buslo at saka ito nagpaalam sa matanda. Nanatiling nasa labas ang matanda hanggang mawala sa kaniyang paningin ang lalaking hukot na naglakad papalayo. Napailing ito nang pumasok sa kaniyang tirahan.

Ilang dapithapon ang nakalipas, at nagkasiya na lamang sa pakikinig ang binatilyo sa hinahangaang musikero. Alam niyang hanggang dito na lamang ang kaniyang magagawa para maranasan ang musikang nagpapaliwanag sa kaniya ng sari-saring damdamin at kaisipan. At sa bawat pagtipa ng kuwertas ng maestro ay lalo pang sumisidhi ang kaniyang pagnanais na maranasan at matutuhan ito, hanggang sa isang hapon ay wala na siyang narinig. Lumapit siya sa pintuan at akmang kakatukin ito nang kaniyang awatin ang sarili at tumalikod na lamang. Bantulot siyang mapahiyang muli sa matanda. Papalayo na siya nang magbukas ang pinto at lumabas ang matanda.

“Hindi ka nagsasawa. Paulit-ulit lamang naman ang tunog ng kuwertas ng gitara ko,” ang pakli ng maestro. Tumugot sa paglakad ang binatilyo at nadama niya ang isang tuwa.

“Masarap makinig sa inyong musika na ’di matutumbasan ng kahit na magkanong halaga. Lumilipas ang bawat sandali ngunit naiiwan ang tu-

nog at alingawngaw nito sa aking isipan,” ang sagot ni Antonio na aral sa turo ng mga prayle.

“Masarap kasi ang karpa at kanduli, sapat lamang na pagandahin ng gitara ang tunog para sa nagbigay nito. Bukas, magbalik ka. Subukan nating turuan kang maggitara,” ang utos ng mastrong hindi man lamang kumurap. Hinihintay nito ang isasagot ng binatilyong may magaspang na kamay, matipunong pangangatawan at mulatong balat. Napalingon ang binatilyo at tumakbong pabalik sa maestro upang lumuhod at magmano tanda ng kaniyang labis na kasiyahan, pasasalamat at paggalang.

Kinabukasan, narating niya ang gusali ng maestro habang nakangiti ang araw sa Jardines de Alcazar. Pinapasok siya nito at iniabot niya ang buslong naglalaman ng banak at karpa. Tahimik ang buong kabahayan. Mag-isa lamang ang maestro sa tahanang may ilang kagamitang yari sa matitigas na kahoy ng Sevilla at Cordoba. Napansin niya ang ilang diploma at sertipiko mula sa unibersidad na nagpapatunay na minsang naging guro ang matanda rito.

“Nag-iisa po kayo sa bahay?”

“Oo. Tanging ang pamangkin ko ang siyang dumadalaw tuwing linggo para dalhan ako ng pagkain at ang aking pension mula sa unibersidad. Pero hindi ‘yan ang sadya mo.”

“Paumanhin po.”

Nagsimula siyang turuan ng maestro sa pamamagitan ng paghawak ng walis at lampaso para linisin ang buong kabahayang naglalaman ng agiw, alikabok at sari-saring basura. Nagtataka man si Antonio ay isinagawa niya ang iniutos ng matanda habang ito ay naiidlip sa kaniyang silid. Napagod siya sa paglilinis kaya’t napaupo na lamang siya at inilapat ang likuran sa sandalan. Napaidlip siya ng ilang sandali nang magising siya sa pahayag ng matandang guro.

“Ang mga daliri sa kaliwang kamay ang didiin sa mga kuwerdas para magkaroon ng tamang tono samantalang ang mga daliri naman sa kanang kamay ang siyang titipa upang patunugin ito sa tamang bagsak at angat sunod sa bilis ng awitin. Alamin mo ang tamang paghawak, pagtipa at pagkalabit sa mga kuwerdas. Magpakilala ka sa gitara at makikilala mo rin ito.”

Matiyagang pinag-aralan ni Antonio ang gitara, mula sa payak na pag-angat at pagbaba ng tono gamit ang kords at ang mga pangunahing

metodo ng pagpapalakas, pagpapahina, pagpapataginting ng tunog nito. Ipinagkaloob sa kaniya ng maestro ang ilang aklat na binabasa niya matapos siyang mamalakaya sa madaling araw at kung nagpapahinga sa gabi. Unti-unting dumami at naging makapal ang tunog ng gitarang pinahiram sa kaniya ng maestro. Nakilala na nga niya ang gitara subalit tila kulang ito sa kapangyarihan.

“Ang bawat kuwerdas ay may tunog ayon sa kapal nito. Bawat isa ay nakagapos mula sa katawan ng gitara na siyang nagpapalakas at nagpapau-gong dito. Dapat mapanatili mo at maging sensitibo ang tono kung ito ay nagbabago ayon sa panahon, kung taglamig o tag-init. May katangian ang kahoy na siyang bumabanat ng kuwerdas, alamin mo ang ugali nito. Ang bawat tunog ay may kulay, madilim man o maliwanag, at may mensahe na dapat maibahagi sa nakikinig. Kayong dalawa ng iyong gitara ang nag-uusap dito. At ang gitara lamang ang pinakamalapit at nakaririnig sa tibok ng iyong puso.”

Ilang ulit na nagpalit ng hugis ang buwan at patuloy pa rin ang pag-aaral ni Antonio. Araw-araw niyang kasama ang gitara at mga aklat. Si Antonio ang madalas na nagpapakawala ng mga awiting nakapagpapalugod ng kaluluwa ng sinumang makapapakinig. Ilang haka-haka na ang nabuo na si Antonio ang huling mag-aaral ng maestro at sa kaniya ihahabilin ang lahat ng kaalaman nito. May ilan din namang nagsasabing tulad din siya ng iba pang mag-aaral ng maestro na hangad lamang ang katanyagan at kayamanan. Nagkaroon pa nga ng mga pagkakataong may kumakatok din sa maestro para magpaturo subalit ito’y kaniyang tinatanggihan. Nasaksihan ng matanda ang paghusay ng binatilyo at alam niyang darating ang panahong dapat niyang paghabilinan ito.

Umaga nang ang hangin ay banayad na umiihip sa pampang ng ilog na nagpapayuko sa mga talahib nang kunin ng maestro ang kaniyang gitara at patunugin ito. Nasa pintuan na ng gusali si Antonio nang marinig niya ito. Kakaiba ang tunog. Napapaiyak nito ang gitara na nagpapahiwatig ng pagyao.

Pumasok ang binatilyong mangingisda at natagpuan niya ang matandang matamang hinahaplos ang kuwerdas ng kaniyang gitara. Tumigil ang matanda sa kaniyang pagtugtog, tumayo ito at tahimik na nilapitan ang mesitang naglalaman ng dalawang kopita at isang boteng alak na sherry mula sa Jerez de la Frontera. Tinagayan niya ang binatilyo at kanilang

pinagsaluhan ang alak. Nagtataka man, hindi na nakuha pang magtanong ng binatilyo.

“Antonio, maaaring natutuhan mo na ang lahat matapos ang higit sa dalawampu’t apat na buwan nang halos araw-araw na pagsasanay sa ilalim ng aking paggabay. Alam kong mahirap nang alisin sa iyo ang kakayahan at kagalingan sa bagay na ito. Nakabaon na ito sa iyong kaluluwa,” ang mensahe ng matanda para sa binatilyo na nagsasabing sumapit na ang araw ng pagtatapos ng pag-aaral nito. At nilagok pa nila ang alak at saka tinanganan ng matanda ang gitarang ginagamit nang kung ilang taon at ipinagkatiwala ito kay Antonio. Ito raw ang huling aral niya, ang matutuhang pag-ingatan ang gitarang ilang taon ding kasa-kasama ng maestro. Nagliwanag ang mukha ni Antonio na para bang hindi makapaniwala sa nangyayari.

“Salamat po,” ang matipid na tugon ni Antonio sapagkat napakahirap hagilapin ang salitang dapat niyang sabihin sa pagkakataong iyon.

Maligamgam pa ang gitara at sa kaniyang unang paghawak dito ay nadama niya ang pag-ugong nito.

“Tulad ng balalaika ng mga Ruso, ipagdiwang mo ang pag-ibig. Tulad ng ‘ud ng mga taga-Ehipto, ibulong mo ang kapayapaan. Tulad ng sitar ng India, pagsayawin mo ang hangin at ang ulan. Tulad ng qin ng Tsina, lingunin mo ang libong taon na lumipas. Tulad ng kora ng Gambia na may 21 kuwerdas, pagyamanin mo ang tunog nito nang higit pa rito. At gaya rin ng shamisen ng mga Hapones, gayahin mo ang makulay na pagsasadula ng buhay at ang kaniyang mga aral. Hayaan mong dalawin ka ng iyong musa at iwan sa iyo ang basbas at kahit pa ang sumpa,” naupo ang matanda at ngumiti sa kaniya sa unang pagkakataon.

Umuwi siyang umaapaw ang kasiyahan, higit pa sa ilang araw na maraming huling isda sa ilog. Iniwan na niya ang pinahiram na gitara sa maestro, upang magpakilala sa bagong instrumentong makakasama. Sinimulan niya ang pagtugtog habang umiihip ang hanging nagmumula sa Sierra Nevada at Morena na nagpapasayaw sa mga liryo at lily. Abuhing-asul ang kalawakang binudburan ng bituin at lumulutang ang malaplatong buwan.

Dumilat ang araw at ginising siya ng batingaw ng Giralda. Ito ang unang pagkakataong narinig niyang tumunog ang kampanaryo ng katedral. Naghanda siya para dalawin ang maestro bago siya mamalakaya. Nilakad niya ang mga kalyeng patungo sa gusali ng maestro. Narating niya ang ti-

rahan at kinatok ito nang makailang ulit. Walang nagbukas. Kinutuban na siya kung kaya't binalya niya ang matibay na pintuang kahoy nito ngunit hindi ito natinag sa pagkakapinid. Lumapit ang isang matandang babaeng nakabandana.

“Iho, natagpuan kagabi ng pamangkin na walang buhay ang maestro. Kaaalis lamang nila upang dalhin ang bangkay sa Cadiz,” sabay ang pag-aantanda ng krus sa dibdib.

“Saan po ba sa Cadiz?” pahabol na tanong ni Antonio habang naglalakad palayo ang matandang babae.

“Malawak, anak, ang Cadiz. Mabuting hintayin mo na lamang silang makabalik,” ang tugon ng nanginginig na tinig ng matandang babaeng may kabagalan sa paglakad. Umuwi siya nang may baong kalungkutan sa dibdib.

Agad niyang kinuha ang gitara at pinatugtog ang maikling awit habang nakatingin sa pag-agos ng dalisay na ilog na alam niyang madaraan o patungo sa maestro. Ipinahatid niya sa tubig ang ponebreng sinlungkot ng pagluluksa para sa isang ama at gurong pumanaw. At sumandal siya sa haliging kahoy ng daungan at saka umidlip. Niyakap niya ang gitarang pamana ng musikerong kaniyang hinangaan nang kumutan ng ulap ang langit at mabalot ng hamog ang paligid. Sumibol ang mga bulaklak sa puno ng oliba, mansanas at peras sa paligid at lumabas ang dalawang musang nakadamit ng mahabang ginintuang bestida at may koronang lilak, hasmin, at rosas. Nakangiti nilang nilapitan ang mahimbing na si Antonio ay binigkas ang basbas at sumpa.

“Basbas namin ang pag-ibig at kaligayahan. At iiwan din ang sumpa na kung sinuman ang magpaparaya at magsasakripisyo ng kaniyang buhok bilang pamalit sa kuwerdas ay makikitil at panghabangbuhay na lilikha ng awit sa gitara. Ito ay patunay ng tunay na pag-ibig. Maganap nawa gaya ng naganap sa maestro ng maestro.”

At nagising si Antonio habang bumabangga-bangga ang kaniyang nakataling bangka sa haligi ng daungan. Tumayo siya at pumasok sa bahay. Nag-awitan ang mga kuliglig sa saliw ng kaniyang gitarang may pangako ng pag-ibig at kaligayahan.

At sumapit ang taglagas at taglamig na tanging ang gitara lamang ang kaniyang kasa-kasama. Walang sawa niya itong pinatutunog araw-araw, kahit pa unti-unting naging kulay lupa ang paligid at nagsimulang pumatak ang niyebe. Ang gitara ng maestro ang nagpapainit sa kaniyang taglamig at

nagbigay-aliw sa kaniyang lumbay. Bagaman, maikli ang taglamig sa panahon iyon. Mabilis na natunaw ang niyebe at nagsimulang maging lungtian ang paligid. Namukadkad ang mga tagitis at aster. Nagbalik na ang mga ibon at muling naglangoy ang mga isda sa ilog. Mabango ang samyo ng hangin, kaya't buong sipag niyang inihanda ang bangka at lambat para mamalakaya. Masagana ang huli. Isang pagpapala ng musa.

May ilang linggo na ang lumipas mula nang bisitahin niya ang gusali ng maestro. Nagpasiya siyang magtungo rito kahit na wala na ang kaniyang guro. Naglakad siya sa malamig at mamasa-masang lupa at tisang daan ng mga kalye. Nakasabit sa kaniyang balikat ang gitara. Umuusok pa ang ilang tsiminea na nagpapainit sa ilang kabahayan kahit pa maligamgam na ang sikat ng araw. Hindi ito tulad ng gusali ng maestro, kung saan nakapinid ang mga bintana at nakaaldaba ang pintuan, at walang senyales ng anumang taong naninirahan doon. Pinagmasdan niya ang gusali at nagbalik ang ilang alaala. Naglakad siya papalayo patungo sa Plaza de España upang mamahinga at maglibang sa mga taong sabik sa init ng araw. Naroroon ang ilang taong nagbabakasakaling makapangangalakal ng kanilang produktong keso, butil, tabako, alak, at karne. Naglakad si Antonio hanggang Makita niya ang isang bangkô. Naupo siya rito at saka niya sinimulang haranahin ang paligid gamit ang kaniyang kuwerdas. Ito ang unang pagkakataong napatugtog ang gitara sa parke. Marami ang nakarinig at napatingin sa binatilyong musikero. Nasa kaniya na ang katangiang taglay ng balalaika, sitar, qin, shamisen, 'ud, at kora.

Sa tagsibol, ang pamimitas ng mga ligaw na kabute at damo ang libangan ni Clarita. Naroroon sa parke ang balingkinitang dalagang may mahabang buhok na halos umabot sa lupa. Nagmula ang kaniyang pamilya sa Tangier, Morocco bagaman siya at ang kaniyang dalawa pang kapatid ay iniluwal at namalagi nang ilang taon sa Huelva. Nilisan nila ito dahil pangangalakal ng pananim ang nais ng kanilang magulang.

Narinig ni Clarita ang nakaaakit na tunog ng gitara. Nangungusap ang musika at hinihikayat siya upang hanapin at kilalanin ang musikero. Kumakandirit at pasayaw siyang umikot sa plaza. Hinihipan ng hangin ang kaniyang malasutla at kulay kapeng buhok habang umiindak siya sa malikot na ritmo ng flamenco. Pumapadyak ang kaniyang mga paa at umiindayog ang mga brasong tila pamaypay ang kamay at daliring nakapilatik sa pag-ikot. Ipinapagpag din niya ito sa hangin na para bang hinahamon

ang pinakamatikas na toro sa koleseyo. Naglapitan at nangagpanood ang maraming tao. Sabik sila sa ganitong husay ng libangang sining. At nakita ni Antonio ang mahusay at mapanuksong sayaw ng dalaga. Nakasintas sa kaniyang palda ang mga kabute at ilang ligaw na damo at nakabalabal ang isang pulang sedang may burloloy at may burdang pangalang Clarita. Napako ang tingin ni Antonio sa dalaga. Lumapit ito sa kaniya at nagpaikot-ikot sa bangkóng kaniyang inuupuan. Namasdan niya ang mukha nitong may matalim-mapungay na mata, munting ilong na inukit sa mukhang hugis-puso. Manipis ang kaniyang labing kulay rosas at mahaba ang leeg na may nagbabantay na dalawang buto sa ilalim ng balikat. Pumapalampak pa siya sa patapos na bahagi ng tugtog at nakapalibot na sa kanilang dalawa ang mga taong saksi sa pagtatagpo ng mananayaw at musikero.

Hinihinal man ang dalawa, kanilang pinasalamatan ang mga pumalampak at naghiyawan sa galing ng kanilang tambalan. May ilan pang nag-amot ng barya sa kanila. Naupo ang babae sa tabi ng gitarista habang tumatawa at palagay ang loob na para bang matagal na silang magkakilala.

“Ako si Clarita. Mahusay ka. Matagal na akong di nakaririnig at nakasayaw ng flamenco,” ang panimulang pahayag ng dalagang estranghero.

“Antonio. Salamat.” Walang maisip na isagot ang gitarista.

“Saan ka nakatira?” At nagpatuloy na ang isang biglaang kumber-sasyong nagpinit sa malamig na umagang yaon. Nalaman ni Antonio ang lahat ukol sa babae, pati pa ang paninirahan nito kasama ang pamilya sa loob ng isang karuwahe. Doon nagsimula ang kanilang pagkikita tuwing umaga. Ito ang pumalit sa nakasanayang pagdalaw ni Antonio sa maestro. Ipinagdadala pa nga ng binatilyo ang dalaga ng sariwang karpa. Madalas pa nga silang hilinging magtanghal ng mga tao sakaling mamataan sila sa plaza. Naging balita ang husay nila, hanggang sa pati ang alkalde ay sinadya sila at pinabuksan ang entablado sa parke para doon sila magtanghal. Makapang-yarihan ang gitara lalo’t sa bawat pagtunog nito ay lalo silang napapalapit sa isa’t isa.

Hinahanap na nila ang isa’t isa, pagsikat pa lang ng araw. Naghihiwalay lamang bago mananghalian. Kulang ang araw kung mawaglit sa kanila ang pagtatagpo.

“Minsan, isama mo naman ako sa daungan. Nakakasawa na ang plaza,” ang hiling ni Clarita. At sa hapon ding iyon sila nagtungo sa ilog. Nakita ni Clarita ang lungtiang paligid, asul na langit at malinaw na tubig

ng ilog. Doon siya umawit at nakinig ang lahat ng bahagi ng kalikasang naniniwala sa pag-ibig, pati at lalo pa ang gitarista. At sa daungan nila nakitang nagpaalam ang araw at bumati ang buwan. Nakaupo sila habang nakababad ang kanilang mga paang masaya sa banayad na daloy ng tubig sa ilog. Hinawakan ni Antonio ang kamay ni Clarita ngunit tumayo ito at tinitigan ang lalaki. Mahirap matanto ang nasa isip ng babae kung nakasalalay lamang sa mga salita ang pagpapahayag ng saloobin. Bahagyang nakadama ng takot si Antonio at inakalang nasaling niya ang babae. Subalit inilugay ng babae ang kaniyang buhok at naghubad sa harap ng musikero. Nakita ni Antonio sa liwanag ng buwan ang kariktan ng buong katawan ni Clarita. Tumayo siya at nagsimula ang duweto ng pakikipagtalik ng dalawang alagad ng sining. Nadama nila ang init ng isa't isa at kanilang pinagliyab ang daungan sa nagbabaga nilang katawan.

Doon nila natagpuan ang kaligayahang hatid ng pag-iibigan. Inaangkin nila ang isa't isa ngunit maingat sila lalo't walang alam ang magulang ni Clarita at pinagkakatiwalaan nito ang gitarista. Masaya ang dalawa at namuhay silang puno ng awit at sayaw. Ngunit may kaganapang magiging sanhi upang tumugot ang kanilang lubos na kasiyahan. Naranasan ngEspaña ang digmaang sibil. Malawakang taggutom at paghihirap ang naranasan ng marami sa ilalim ng mga Republikano. Marami ang namatay sa bintang ng maling pagkampi at gayon din sa gutom at sakit. Kinuha ang kalalakihan upang magsilbi sa militar para suportahan ang pamahalaan sa nag-aaklas na mga heneral. Kabilang si Antonio sa Nasyonalistang lumalaban sa pamahalaan. Pinili ni Clarita ang mamalagi sa munting pamamahay ng gitarista. Paraan din ito ng kaniyang pag-iingat upang malayo sa kaguluhan ng digmaan. Mas ligtas at tagô ito.

Mahirap ang buhay, lalo pa sa unang taon ng kanilang pagkakawalay. Napipi ang gitara at napilay ang mananayaw. Nawalan na ng balita ang babae ukol sa musikerong napasama sa militar laban sa Republikano. Nalaman na lamang ni Clarita ang pagpaslang sa kaniyang mga kaibigan at pamilya na labis niyang dinamdam. Nadama niya sa pag-iisa ang labis na kalungkutan at kawalang pag-asa. Naririnig niya ang lagaslas ng tubig at ang bawat nalalagas na dahon. Nangungulila at nag-aalala na rin siya para kay Antonio. Madalas niyang tipahin ang gitara kahit na walang nabubuong musika sa kaniyang mga kamay. Madalas niya itong tinitipa kaya't apat na kuwerdas na ang napapatid at nawala na sa tono ang natitira. Bunga ito

ng desperasyon para makalikha ng musikang magpapaalala at magpapalapit sa kaniya kay Antonio. Nawala na ang dating tikas ng gitara ng maestro. At natatagpuan na lamang ni Clarita ang sariling yakap-yakap ito habang umiiyak.

Lumipas ang dalawang taon. Nakakatulugan na ni Clarita ang labis na hapis at ang gutom at uhaw. Nawala na rin sa tamang tunog ang kaniyang isipan. Napapatakbo siya sa tarangkahan nang ilang ulit matapos makarinig ng kaluskos o tinig na inaakala niyang kay Antonio. Nagigising siya mula sa isang malagim na panaginip kung saan niya nasaksihan ang pagpaslang sa kaniyang katipan. Sabog ang mukha nito at nangingisay sa hirap.

Sumapit ang ikatlong taon at patuloy pa rin ang digmaan. Umaalingawngaw pa rin ang putukan. Naaamoy niya ang pulbura. At lalo pang humihigpit ang kaniyang yakap sa gitarang patid na ang kinakalawang at marupok nitong kuwerdas. Nagtungo sa daungan ang mananayaw, naghubo't hubad ito at saka nagpalutang-lutang sa tubig. Naging malinis ang babae, at umahon siya at saka nagtungo sa kusina. Nakita niya ang punyal na ipinanlilinis ng mangingisda sa kaniyang huli. Matalim pa rin ito at kumikinang. Nakita niya ang sarili sa talim at saka niya pinutol ang mahabang buhok. Halos sagad sa anit ito. Sininop, hinati, at tinirintas para gawing kuwerdas ng gitara. Matiyaga niya itong inipit sa katawan at sanga ng gitara habang patuloy siya sa pagluha.

Sinubukan niya itong patunugin at nakalikha ito ng pinakamalinis na musikang umaabot pa sa kampo ng mga hukbong Republikano. Naglabasan ang militar at para bang nagtataka sa kanilang naririnig. Umihip ang hangin at dinala pa ito sa napakalayong pook kung saan nakadestino si Antonio. Alam niyang tinatawag na siya ng kaniyang gitara. Maagang lumulubog ang araw kung taglamig.

Hinanap ng apat na sundalong Republikano ang tunog at natagpuang nagmumula ito sa bahay malapit sa ilog. Kanilang binuksan ang tarangkahan. Muling narinig ni Clarita ang kaluskos sa tarangkahan kung kaya't napatakbo siya rito. Inakala niyang nagbalik na si Antonio. Walang saplot na tumambad ang babae sa harapan ng mga sundalo. At tila naging mga buwitre at lobo ang mga ito. Nakita nila ang babaeng wala sa tamang katinuan na maaaring pagsamantalahan. Nakadama si Clarita ng takot kung kaya't tumakbo itong pabalik at hinagilap ang punyal. Sumisigaw itong sumugod pabalik sa mga sundalo, subalit dalawang punglo ang sumalubong sa kani-

yang sikmura. Nagparaos ang mga sundalo sa maligamgam na katawan ni Clarita at saka ito itinapon sa ilog upang anurin sa bayang magbibigay sa kaniya ng marangal na libing. Umalis ang mga sundalo na nagtatawanan na parang walang anumang nangyari.

Lumipas ang ilang buwan at humupa na ang digmaan. Natapos na rin ang paninilbihan ni Antonio at makababalik na siya sa kaniyang pamumuhay bilang mangingisda, gitarista at asawa ni Clarita. Baon niya ang pananabik sa babaeng kaniyang iniibig. Hangad niya ang magkaroon ng tahimik na pamumuhay kapiling ang kaniyang magiging mag-anak.

Narating niya ang kaniyang tahanan at nakita ang lahid ng dugo mula sa tarangkahan hanggang sa loob ng bahay. Nakita niya ang ilang patak patungo sa ilog kung saan niya natagpuan ang punyal. Nagpatiwakal o pinaslang, hindi niya alam kung ano ang sinapit ng kaniyang minamahal. Ito ang sumpa ng mga musa.

Madalas, lalo't ginintuan ang liwanag ng buwan at malamig ang simoy, pinatutunog ni Antonio ang gitarang may kuwerdas na buhok. Umaawit ito na tila tinig ni Clarita. Nakasandal ito sa kaniyang dibidib. Malayo ang nararating ng tunog. Marami ang nakaririnig subalit walang nakatatagpo. Ito ang musikang walang sinuman ang makagaya. At ngayon, ganap na maestro na ang dating payak na mangingisda.

May 2, 2011
Bulakan, Bulakan
ValenzuelaCity

The background of the page is a repeating pattern of light gray concentric circles and squares. The circles are arranged in a grid, and the squares are positioned between the circles, creating a complex, interlocking geometric design.

p o e t r y

